

# Pahayagan ng Yaizu




Tagalog タガログ語

Hunyo( ６月 Roku gatsu) / 2026 (令和８年 Reiwa 8 nen) /￥０

Araw ng mga An
Hunyo 21

YAIZU CITY HALL (YAIZU SHIYAKUSHO)
Seksyon ng Pagsusulong sa Pakikipagtulungan (KYODO SUISHIN KA)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor
TEL: 054-626-2191 http://www.city.yaizu.lg.jp

**Iskedyul ng Interpreter**

**【Munisipyo Main Building】 English**:Lunes,Myerkules,Biyernes 9:00am~3:00pm,**Tagalog/Bisaya/Portuguese**:Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes 9:00am~4:30pm, **Spanish**:Lunes,Miyerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm **※Walang Interpreter: 12noon~1:00pm.**

**【Munisipyo Oigawa Building】 Portuguese**: Hunyo 4 & 18(Una at Ikatlong Huwebes) 9:30am~11:30am/ **Tagalog/Bisaya**: Hunyo 11 & 25 (Ikalawa at Ikaapat na Huwebes) 9:30am~11:30am/

## ■Limitado saTag-init na After-School Children's Club *Kaki gentei hokago jido kurabu*■


Pagbubukas ng「**Limitado sa Tag-init na After-School Childrens Club**(*kaki gentei hokago jido kurabu*)」kung saan maaaring iwan at pabantayan ang mga batang nasa elementarya habang bakasyon sa tag-init.Mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang nasa elementarya na gustong gamitin ang serbisyong ito,bisitahin lamang ang **Official Website ng Lungsod**.

Hanggang **Hunyo 19(Biyernes),** isumite ang application form sa tanggapan ng **Seksyon ng Suporta sa Pamilya**(*Katei Shien Ka*) o mag-apply gamit ang application form para sa nais na club na nasa website.

Para sa karagdagang impormasyon ,Magtanong sa **Seksyon sa Suporta sa Pamilya**(*Katei Shien Ka*).

**【Website】**http://www.city.yaizu.lg.jp/child-edu/kodomo/mokuteki/day-care/hokago-club/kaki_hokago-club.html

**【Maaaring sumali】**Mga batang nasa elementarya na pasok sa lahat ng nasa ①~③.



① Simula Hulyo 1, hindi pumapasok sa After-School Children's Club ng lungsod.
② Mga magulang na wala sa bahay tuwing tanghali dahil sa trabaho at iba pa.
③ May maghahatid at susundo na magulang o tagapag-alaga.

**【Mapagtatanungan at Mapapasahan ng Aplikasyon】**Seksyon sa Suporta sa Pamilya(*Katei Shien-ka*) ☎054-631－6978

## ■Nagsimula na ang「Sistema ng kontribusyon para sa suporta sa mga bata at pagpapalaki ng bata」 *Kodomo kosodate shienkin seido*■



Simula **Abril 2026**, nagsimula ang Sistem ng kontribusyon para sa suporta sa mga bata at pagpapalaki ng anak (*Kodomo Kosodate Shienkin Seido*). Lahat ng henerasyon ng tao, mga kumpanya, at iba pa ay kailangang magbayad ng kontribusyon para sa suporta bilang insurance tax(insurance premium).

Para sa karagdagang detalye, Magtanong o Bisitahin ang Official Website ng **Child And Families Agency**(*Kodomo Katei-cho*)

**【Website】** https://www.cfa.go.jp/policies/kodomokosodateshienkinseido

Narito ang Website→

**【Mapagtatanungan】**Seksyon sa Insyurans at Pensyon(Insyurans) *Kokuho Nenkin-ka (Kokuho))* ☎054-626-1113
Elderly Healthcare In charge *Koukikoureisha-tanto* ☎054-626-2164

## ■Proseso ng renewal sa Sistema ng Subsidiya sa Gastusing Medikal para sa Single Parent Family *Hitorioyakatei to iryohi josei seido no koshin tetsuzuki*■

Nagpadala kami ng abiso tungkol sa proseso ng pag-renew sa mga kwalipikadong tao na kabilang sa sistemang ito.
Siguraduhing gawin ang proseso bago ang deadline.

**【Mga kwalipikado】**Mga Ina(Ama) ng pamilyang single mother (single father) na nagtataguyod ng anak na may edad **hanggang 19 taong gulang**, mga Ina(Ama) ng pamilyang may asawa na may malubhang kapansanan at kanilang anak, at mga batang walang magulang.

**【Kondisyon】**Ang mismong taong nagtataguyod sa bata at mga kapamilyang kasama sa bahay ay hindi sinisingil ng income tax. Magtanong para sa karagdagang impormasyon.

**【Panahon ng Pagsusumite】**Hunyo 8（Lunes）

**【Dadalhin】**Personal na Selyo(*Inkan*),Patunay ng pagiging kwalipikado sa Health Insurance(*kenko hoken no shikaku kakunin sho*) atbp.

**【Lugar ng Pagsusumite】**Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(*Kosodate Shien-ka*) (Yaizu City Hall Main Building 2 F),
Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan sa Oigawa(*Oigawa Shimin Sabisu Senta*) (Munisipyo Oigawa Building 1 F)

**【Mapagtatanungan】**Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(*Kosodate Shien-ka*) ☎054-626-1137

## ■Pagpasok ng Child Allowance *Jido teate no furikomi*■

Sa **Hunyo 12 (Biyernes)** ay ang araw ng pagpasok ng Child allowance.
Ang allowance para sa buwan ng Abril hanggang Mayo 2026 ay ipapasok sa ibinigay na bank account ng tatanggap.

**【Mapagtatanungan】**Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(*Kosodate Shien-ka*) ☎054-626-1137

## ■Ipapadala ang Notipikasyon sa pagbabayad ng buwis para sa Buwis ng Lungsod, Buwis ng Prefektura, at Buwis ng Kagubatan at Kapaligiran *Shimin zei/Kenmin zei/Shinrin kankyo zei no nozei tsuchisho* ■

Sa **Hunyo 15 (Lunes)** ay ipapadala namin ang notipikasyon sa pagbabayad ng buwis para sa Buwis ng Lungsod, Buwis ng Prefektura, at Buwis ng Kagubatan at Kapaligiran. Kapag natanggap niyo na ang notipikasyon ng pagbabayad ng buwis, basahin at tingnan ang nilalaman nito.

**【Mga mapapadalhan】** Mga taong magbabayad gamit ang payment slip o sa pamamagitan ng pagkaltas sa bangko(Regular Collection) , at mga taong awtomatikong kinakaltasan sa pension (Special Collection mula sa pension)

※Ang panahon ng pagbabayad ay hinati sa apat na termino. **Mang yaring bayaran ang unang termino hanggang Hulyo 6(Lunes)**

Pwedeng magbayad sa Bangko,convenience store ,o gamit ang Smartphone payment app at iba pa.

**【Mapagtatanungan】** Ukol sa Pagbubuwis Tax Division(*Kazei-ka*) ☎054-626-2149

Ukol sa Pagbabayad ng buwis Tax Payment Division(*Nouzei Sokushin-ka*) ☎054-626-2147

## ■Mag-ingat sa malakas na ulan at bagyo *O ame /Taifu kiwotsukete*■



Sa Japan,simula bandang Hunyo ay panahon ng madalas na pag-ulan at pagdating ng bagyo.
Kapag malakas ang pag-ulan, nagiging mapanganib ito dahil maaaring umapaw ang ilog at maaaring magkaroon ng pagguho sa bundok.
May pagkakataon ding hindi madadaanan ang mga kalsada.
Magparehistro sa Yaizu Disaster Prevention Mail gamit ang QR code sa kanan, at tingnan ang impormasyon ukol sa sakuna at paglikas.

**【Mapagtatanungan】** Seksyon ng patakaran sa pag-iwas sa sakuna (*Bosai Seisaku -ka*) ☎ 054-625-0128

Para sa magpaparehistro sa Yaizu Disaster Prevention Mail →

## ■ Pampublikong Pagsasanay sa "Caregiving(*Kaigo*)" para sa mga dayuhang residente *teijyu gaikokujin no tame kaigo shokugyo kunren* ■

Ang "**Caregiving (*Kaigo*)**" ay trabaho ng pag-aalaga at pagtulong sa mga matatanda(lolo at lola) at mga taong nahihirapang kumilos(may kapansanan). Kapag nag-aral sa pagsasanay na ito, magiging kapaki-pakinabang ito para sa trabaho sa caregiving.

- ･Pag-aaralan ang Japanese na ginagamit para sa trabaho sa caregiving.
- ･Maaaring makakuha ng kwalipikasyon para sa trabaho sa caregiving.
- ･Tutulong sa paghahanap ng trabaho.



**【Panahon】**Hulyo 1,2026(Miyerkules)～ Setyembre 30,2026(Miyerkules)

**【Lugar】**Shizuoka Labor Welfare Hall 5th floor (Shizuoka Rousei Kaikan 5kai)
(Shizuoka-shi aoiku kurogane 5-1) (8 minutong lakad mula JR Shizuoka Station)

**【Mga kwalipikadong sumali】**Mga「Dayuhang matagal nang residente(*Teiju Gaikokujin*)」 na naninirahan sa Shizuoka Prefecture na marunong bumasa at sumulat ng Hiragana at Katakana.
※Pakitanong sa Hello Work kung kwalipikadong ba kayong sumali.

**【Bayad】** ￥0 (subalit may **¥7,326** na bayad para sa textbook)

**【Paano mag-apply】**Mag-apply sa Hello Work Yaizu hanggang **Hunyo 9, 2026 (Biyernes)** ☎ 054-628-5155
Mga araw na may interpreter sa Hello Work Yaizu⟶

**【Mapagtatanungan】**Shizuoka-ken Ritsukoka Tanki Daigaku Shizuoka Campus (Shizuoka-shi Shimizu-ku Kusunoki 160)
☎ 054-345-3098 **Mail**: koutan_syakaijin@pref.shizuoka.lg.jp

## ■Pagbubukas ng Aomine Pool -*Aomine puru*-■



**【Panahon】** Hunyo 27(Sabado) hanggang Setyembre 6(Linggo)※Sarado sa Agosto 13(Huwebes)

**【Oras】** 2:00 pm ～ 5:00 pm

※Tuwing Sabado, Linggo, Holiday ,at Hulyo 21(Martes)～Agosto 31(Lunes) ay 9:00am～5:00 pm

**【Bayad ng pagpasok(2 hours)】** Adult：¥300,may edad３～15 taong gulang：¥150, hanggang 2 taong gulang：¥0 (Libre)

**【Mapagtatanungan】** Aomine Pool ☎ 054-629-7811(Tuwing bukas lamang) Discovery Park Yaizu Suimu kan ☎ 054-625-0801

## ■Baguhin natin ang ating pamumuhay para sa ikabubuti ng kalikasan at mundo
*Chikyu ya shizen ni yoi seikatsu ni kaemasho* ■

Ang **Hunyo** ay **Buwan ng Kapaligiran**. Baguhin natin ang ating pamumuhay upang mabawasan ang carbon dioxide ($CO_2$) na isa sa mga sanhi ng global warming.

**Mga bagay na magagawa ng bawat isa upang mabawasan ang $CO_2$**





- Bawasan ang nasusunog na basura (halimbawa: basurang nabubulok, papel at iba pa)
- Paggamit ng eco bag(*my bag*) at reusable bottle(*my bottle*).
  Hangga't maaari, iwasan ang paggamit ng plastic bag at mga disposable plastic.
- Iwasan ang pag-aaksaya ng kuryente, gas, at iba pang pinagkukunan ng enerhiya.
- Paggamit ng LED Lights o mga refrigerator at air conditioner na matipid sa enerhiya.
- Kapag lalabas, pagsakay sa tren o bus, magbisikleta, maglakad at iba pa.

Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang Official Website ng Yaizu City o magtanong po sa amin.

**WEBSITE**： https://www.city.yaizu.lg.jp/life/kankyo/eco/education/kankyo-month.html

【Mapagtatanungan】 Environmental Division (*Kankyo-ka*) ☎054-626-2153

Narito ang Website→

## ■「Panimulang Klase sa Japanese」 *Hajimete no Nihongo kyoshitsu*■

「**Panimulang Klase sa Japanese** (*hajimete no nihonggo kyoshitsu*)」ay matututo ng Japanese habang nakikipag usap sa mga hapon na nakatira inyong komunidad, pag-uusapan ang tungkol sa inyong bansa, pamilya, mga paboritong pagkain at iba pa.Gagabayan kayo sa pakikipag-usap ng mga taong marunong ng inyong sariling wika.

Ang klase ay may「**Introductory Class(Nyumon kurasu)**」para sa halos hindi marunong ng Japanese at 「**Begginer Class(Shokyu kurasu)**」para sa marunong na kaunti ng Japanese.

Marami ring tao ang lumahok ng klase noong 2025.Naghahanda rin kami para sa masayang klase ngayong taon.

Ang detalyadong impormasyon ay ipapaalam sa isyu ng Hulyo(Koho Yaizu).

Hindi pa tumatanggap ng aplikasyon sa kasalukuyan,kaya hinihiling namin ang inyong kaunting paghihintay.



**Petsa at Oras**: Sa Linggo mula Setyembre～Nobyembre 9:30am～11:30am(kabuuang 10 beses)

**Lugar**: **Community Exchange Center** sa loob ng Yaizu City( *chiki koryu senta* )

(Dating Community Center (*kyu kominkan*)) o sa **Yaizu City Hall** (*yaizu shiyakusho*).

**Bayad sa pagsali**: ￥0 (Libre)

**Kapasidad**:「Introductory Class(*Nyumon Class*)」**20 ka tao** ,at「Beginner Class(*Shokyu Class*)」**20 ka tao**

### ●Naghahanap kami ng mga boluntaryong susuporta gamit ang sariling wika para sa 「Panimulang Klase sa Japanese (*hajimete no nihonggo kyoshitsu*)」●

Naghahanap kami ng taong makatutulong para sa「Panimulang Klase sa Japanese (hajimete no nihonggo kyoshitsu)」gamit ang Japanese at sariling wika ng mag-aaral(Tagalog, Bisaya, Portuguese ,Spanish at iba pa).

Sa mga interasado, mangyaring makipag-ugnayan sa ibaba.

**Mapagtatanungan**: Seksyon sa Promosyon ng Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka) ☎054-626-2191

## ■Naghahanap kami ng gustong mag-aral ng「Japanese para sa Trabaho」*Shigoto no tameno Nihongo* ■

Pag-aaralan ang Japanese at Business manners na ginagamit sa trabaho.

**【Mga maaaring sumali】**Mga taong may residence status(visa) na maaaring magtrabaho sa Japan at gustong mag-aral ng Japanese.

**【Lugar】**Sunlife Yaizu (Yaizu –shi Nakaminato 3-3-12) at Online

**【Petsa(Araw) at Oras】**Hunyo 10, 2026 (Miyerkules)~Setyembre 10, 2026 (Huwebes), Martes hanggang Biyernes 6:45pm~8:45pm

**【Deadline ng pag-apply】**Hunyo 24, 2026 (Miyerkules)

**【Paraan ng pag-apply】**Mag-apply sa Hello Work Yaizu.Para sa karagdagang detalye, magtanong po lamang.

**【Mapagtatanungan】**ツダ (Ms.Tsuda) (JICE(Japan International Cooperation Center):Nihon Kokusai Kyoryoku Senta)

☎080-4336-0956 **Mail**:tabunka29@softbank.ne.jp (Japanese, English, Bisaya, Tagalog at Spanish ay OK)

## ■Libreng Konsultasyon *Muryo sodan*■ May pagkakataong biglaang walang serbisyo.

| Nilalaman ng Konsultasyon | Petsa(Araw) at Oras | Mapagtatanungan | Mga detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa pagbabayad ng buwis【Hunyo】 | 【Lunes～Biyernes】<br>8:30am～12:00noon, 1:00pm～4:30pm<br>【Gabi ng Huwebes】←Walang interpreter<br>**Hunyo 4, 11,18,25** 5:15pm～7:00pm<br>【Linggong Konsultasyon】<br>**Hunyo 28** 9:00am～12:00noon | Tax Payment Collection Division (Nozeisokushin-ka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kung hindi kayang mabayaran ang buwis bago ang deadline,puntahan para sa konsultasyon.<br>※May interpreter Tagalog, Bisaya, English, at Portuguese tuwing linggo. |
| **VISA** | **Lunes～Biyernes**<br>8:30am～5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga dayuhang residente (Nagoya) ☎0570-013904 | Mga proseso para sa pagpasok sa bansa at Visa (English, Korean, Chinese, Spanish atbp.) |

## ■Mga Iskedyul ng Ospital at Botika na bukas tuwing Linggo at Holiday(Hunyo)■

【Oras:8:30am-5:00pm (Ang may markang ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista, 9:00am-3:00pm】

### 【 7 (Linggo)】

**NAI-KA(Internal Medicine)** Nagaoka naika (Nishikogawa 4) ☎629-3205 **SHONI-KA(Pediatrics)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 **GE-KA(Surgery/EM)** Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎656-2221 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Kawai shika iin (Nishikogawa 4) ☎626-1184 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Akagi yakkyoku satsuki-ten (Nishikogawa 4) ☎627-9230, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500

### 【14 (Linggo)】

**NAI-KA(IM)** Kawasaki clinic (Echigoshima) ☎629-4976, Yokoyama shokaki naika☆(Shimokosugi) ☎622-0045 **SHONI-KA(Pediatrics)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☎631-7289 **GE-KA(Surgery/EM)** Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎620-8772 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☎635-8687 **SHI-KA(Dentistry)** Kawamura shika shinryoshitsu (Honmachi 2) ☎631-4618 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Echigoshima yakkyoku (Echigoshima) ☎631-4452,
Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☎664-2151

### 【21 (Linggo)】

**NAI-KA(IM)** Sato iin (Tajiri) ☎624-4804 **NAI-KA(IM) / SHONI-KA(Pediatrics)** Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321 **GE-KA(Surgery/EM)** Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎621-5511 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎620-6001 **GAN-KA(Opthalmology/Eye Clinic)** Ozumi ganka iin (Ozumi) ☎623-0330 **SHI-KA(Dentistry)** Ai shika clinic (Daikakuji 1) ☎626-8841 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Flower yakkyoku tajiri-ten (Tajiri) ☎656-3755, Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten(Tajiri) ☎656-2233, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎627-2831, Akagi yakkyoku ozumi-ten(ozumi) ☎625-7777

### 【28 (Linggo)】

**NAI-KA(IM) / SHONI-KA(Pediatrics)** Shinohara iin (Honmachi 5) ☎628-3070 **NAI-KA(IM)/GE-KA(Surgery/EM)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎628-5500 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☎050-3033-4284 **SHI-K A(Dentistry)** Harazaki shika ojima clinic (Ojima) ☎623-3777 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789

## ■Mga Ospital na bukas sa gabi (*Yakan Shinryo Iryo Kikan*)■

**Lugar:**Sentro ng Pang-emerhensiyang medikal ng Shida･Haibara(**Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta**)
(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099 **Departamento**: NAI-KA(Internal Medicine) at SHONI-KA(Pediatrics)
**Oras**: Lunes~Biyernes : 7:30pm~10:00pm / Sabado at Linggo: 7:30pm ~ 7:00am ng kinaumagahan)
※Sa mga sumusunod na petsa(Araw), ang pediatrics lamang ang bukas pagkalipas ng alas-10:00 pm.
**< Hunyo 6 (Sabado), Hunyo 14 (Linggo), Hunyo 20 (Sabado), Hunyo 28(Linggo) ,at Hulyo 4 (Sabado)>**
**Mga dadalhin**:
●Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance(Maina Hokensho)** o Sertipiko ng patunay ng kwalipikasyon (**Shikaku Kakuninsho),**
●Sertipiko ng benipisyo sa gastusing medikal ng bata(**Kodomo Iryohi Jukyushasho**), Mother &Child HandBook (**Boshi Techo**) atbp.
●Handbook ng mga iniinom na Gamot(**Okusuri Techo**)

## Facebook ng Yaizu International Friendship Association

*Yaizushi kokusai yuko kyokai Facebook*

Sa Facebook ng Yaizu International Friendship Association binabahagi sa lahat ng tungkol sa masasayang kaganapan,Japanese Classes at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon sa ating pamumuhay.
I-follow aming facebook page, mag-“Like” at I-share sa inyong pamilya at mga kaibigan!
**【Mapagtatanungan】** Seksyon ng Promosyon sa pakikipagtulungan(Kyodo Suishin-ka) ☏054-626-2191